Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T SIYAM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-6 NG AGOSTO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
10. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 145-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING NG PAHINTULOT (CLEARANCE) SA TANGGAPAN NG PANLALAWIGANG INHINYERO NA MAIPAGAWA/MAIPASEMENTO NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA ANG PANLALAWIGANG DAAN NA NASASAKOP NG BAYAN (SANTA ROSA ARCH TO THE ROAD FRONTING THE BUILDING OF THE MUNICIPAL AGRICULTURE).

YAYAMANG, ang Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna ay may sapat na salaping pondo upang maipagawa/maipasemento ang daan na klasipikadong daang Panlalawigan sa lugal na nasasakop mula Bantayan ng Santa Rosa hanggang sa tapat ng gusali ng Municipal Agriculture Office;

YAYAMANG, ang daan na klasipikadong daang Panlalawigan ay nasasa pangangasiwa ng Panlalawigang Pamahalaan at kung ipagawa ng Pamahalaang Bayan ay mangangailangan ng pahintulot ng Tanggapan ng Panlalawigang Inhinyero;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling ng pahintulot (clearance) sa Tanggapan ng Panlalawigang Inhinyero na maipagawa/maipasemento ng Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna ang Panlalawigang Daan na nasasakop ng bayan (Santa Rosa Arch to the Road Fronting the Building of the Municipal Agriculture).

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-29 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-6 ng Agosto, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim